

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ang Rehiyonal na Konsehal ng Brampton na si Paul Vicente ay napili sa 2020-2022 Board of Directors ng AMO

BRAMPTON, ON (Agosto 18, 2020) – Sa araw na ito, ang Rehiyonal na Konsehal ng Brampton na si Paul Vicente ay napili sa Association of Municipalities of Ontario (AMO) Board of Directors bilang kasapi ng Regional and Single Tier Caucus para sa 2020-2022 board term.

Kinakatawan ng AMO ang mga interes ng mga munisipalidad ng Ontario kaugnay sa patakaran at mga usapin sa programa na nabibilang sa loob ng hurisdiksyon ng lalawigan. Ang Board of Directors ng AMO ay binubuo ng 29 na napiling opisyal ng munisipyo at mga kasaling kasapi na kumakatawan sa iba't ibang pangkat ng mga munisipalidad ng Ontario.

Ang 2020 strategic na mga layunin ng AMO ay batay sa: konstruktibo, maagap na impluwensya sa pamahalaan ng Ontario; pagtutulungan sa loob ng mga sektor para buuhin ang impluwensya; pagsuporta sa adbokasiya ng miyembro gamit ang impormasyon, pag-aanalisa, mga katotohanan at mahalagang mga mensahe; at pagbibigay ng edukasyon at mga programa na sumusuporta sa mga pamahalaan ng munisipyo.

Ang Lungsod ng Brampton ay lumalahok sa AMO 2020 Birtwal na Kumperensya mula Agosto 17 hanggang 19. Alamin ang mas marami pa [dito](#).

Mga Quote

“Ang Brampton ay ipipresenta sa AMO Board ni Konsehal Vicente. Ang mga munisipyo ng Ontario ay kailangang magtutulungan at ibahagi ang bigat ng adbokasiya habang inaasahan nating makipagtulungan para gawing mas luntiang lungsod ang Brampton, pinapamahalaan ang ating pag-unlad at pinaplano ang daan para sa pagbangon ng ekonomiya mula sa mga epekto ng COVID-19. Ang commitment ni Konsehal Vicente sa isang matibay na Brampton at Rehiyon ng Peel ay magiging asset ng mga miyembro ng AMO.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ipinagmamalaki ko na mahirang na Board of Directors ng AMO at inaasahan ang pakikipagtulungan kina Mayor Brown, Mayor Crombie, Mayor Thompson, Chair Iannicca at ating mga Konsehal para dalhin ang mga prayoridad sa pag-unlad at pagbangon ng ekonomiya sa antas ng lalawigan.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad,

hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca